



MGA KAAYUSAN SA PAG-AARAL SA TERM 2

Mga Kaayusan sa Pag-aaral sa Term 2

Simula noong **Lunes, 8 Hunyo**, inalis na ang mga paghihigpit upang pahintulutan ang mga magulang, mga tagapag-alaga, at mga bisita sa loob ng mga paaralan para dumalo sa mga miting, at upang maghatid-sundo ng mga estudyante, sa kondisyon na may mga hakbang para sa pisikal na distansya at kalinisan.

Kabilang sa mga karagdagang kaayusan ay:

- Ang mga kaganapan at mga gawain gaya ng mga assembly, iskursyon, mga interschool na mga aktibidades, koro ng paaralan, at mga pagsusulit ay mapapasimulan na ngayon, sa kondisyon na susundin ng mga paaralan na magkaroon lamang ng 100 tao sa mga lugar na nasa loob, at 300 tao sa mga lugar na nasa labas.
- Ang pagkakamping ng paaralan ay pinahihintulutan na ngayon na magkaroon ng hanggang 100 tao, na ang mga paaralan ay kinakailangang sumunod sa mga patakaran tungkol sa iskursyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng WA, at payo ng Australian Health Protection Committee (AHPPC). Karagdagang mga gabay ang binuo upang mabigyan ang mga paaralan ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakamping.
- Ang mga pagsasanay sa isport, mga laro at mga interschool na kompetisyon ay mapapasimulan na rin ngayon sa mga paaralan na sumusunod sa kaparehong mga gabay sa komunidad para sa bilang ng mga tao sa loob at labas na mga lugar.
- Ang mga klase sa paglangoy para sa mga estudyante sa term ng paaralan ay mapapasimulan na rin ngayon na may ilalapat na mga pisikal na distansya at kalinisan.
- Ang mga estudyante sa mga baitang sa sekundarya ay makababalik na rin sa kanilang mga work placement basta titiyakin ng mga paaralan na ang mga tagapag-employo ay sumusunod sa Mga Gabay sa Kalusugan ukol sa COVID-19 ng WA.
- Ang mga canteen ay makakapagbigay na ngayon ng serbisyong dine-in para sa hanggang 100 tao, at ang mga aklatan ng mga paaralan ay magpapahintulot ng 100 tao sa isang panlahat na lugar o hanggang 300 tao kung ang pasilidad ay may maraming magkakahiwalay na mga espasyo.

- Ang AHPPC ay kasalukuyang nagrerepaso ng kanilang payo tungkol sa pamamahala ng panganib para sa mga boarding school at pang-residensyang mga kolehiyo.

Inaasahang ang mga paaralan ay patuloy na uugaliin ang tamang personal na kalinisan at karagdang paglilinis.

Ang madalas na lubusang paglilinis ay magpapatuloy sa buong aaraw ng pagpasok sa lahat ng mga pampublikong paaralan sa WA.

Tungkol naman sa WA COVID-19 Roadmap, lahat ng mga aktibidades ng mga paaralan ay muling rerepahun bilang paghahanda para sa Phase 4.

Simula noong **Lunes, 18 Mayo**, lahat ng mga estudyante sa mga pampublikong paaralan sa Western Australia ay kinailangang pumasok nang muli sa paaralan.

- Ang eksepsiyon ay kapag ang isang estudyante ay hindi makakapasok sa paaralan batay sa medikal na payo para sa kanya o sa isang miyembro ng kanilang pamilya. Ang mga estudyanteng ito ay magpapatuloy na mag-aral mula sa bahay at susuportahan ng kanilang mga paaralan at ng Kagawaran ng Edukasyon.
- Ang mga estudyanteng hindi papasok simula sa 18 Mayo, nang walang medikal na dahilan, ay hindi na bibigyan ng mga pakete ng aralin at sila ay mamarkahang 'absent' (lumiban).
- Ang mga gawain ng paaralan ay muling sisimulan alinsunod sa pinakahuling pangkalusugang payo, kabilang ang mga mahahalagang mga serbisyo para sa kalusugan at kapakanan ng estudyante.
- Kaayon sa payo ng Australian Health Protection Principal Committee (AHPPC) upang mabawasan ang mga pagbisita sa labas ng pasilidad, ang mga estudyante ay makaaalis lamang sa Sabado't Linggo, sa mabuting pagpapasya ng Punong-Guro o Manedyer.
- Ang mga estudyante sa mga residensyal na pasilidad ay pahihintulutan na ngayon na umuwi sa Sabado't Linggo sa mabuting pagpapasya ng punong-guro.
- Para sa mga estudyanteng nasa Year 12, ang nakasulat na pagsusulit para sa kursong 2020 ATAR ay gagawin ayon sa iskedyul nito mula 2 Nobyembre, at gagamit ng kaparehong anyo gaya ng ginamit noong mga nakaraang taon.
- Ang mga magulang ay tatanggap ng indibidwal na feedback (komento) tungkol sa pag-unlad ng kanilang anak para sa Semester 1, gayunpaman, ang mga paaralan ay hindi kinakailangang mag-report gamit ang kinagawiang A hanggang E na report o format. Ang mga estudyante ng EAL/D ay tatanggap ng report na kabibilangan ng impormasyon tungkol sa pag-unlad sa pangkalahatang pag-aaral; gayunpaman, dahil sa mga pagkaputol sa pag-

aaral, hindi kakailanganing gamitin ang EAL/D Mapa ang Progreso para sa layuning ito.

- Istriktong pangkapaligirang paglilinis sa buong araw ng pagpasok, kabilang ang mga ibabaw ng mga bagay na may maraming humahawak, at ang mga kagamitan sa playground ay magpapatuloy, pati rin ang pinagtibay na pangkalinisang mga hakbang.

Ang Pamahalaang Estado ay namumuhunan sa karagdagang mga guro upang suportahan ang mga estudyante na kailangang mag-aral sa bahay, sa dahilang medikal, at mga espesyalistang kawani ang hihirangin upang tulungan ang mga estudyante na muling maugnay sa kanilang paaralan.

Ang mga paaralan ay kanya-kanyang magbibigay ng impormasyon sa mga magulang at mga tagapag-alaga kung paano pamamahalaan ng bawat paaralan ang mga pagbabagong ito.

Ang mga kaayusang pagsulong sa hinaharap para sa mga paaralan ay isasaalang-alang alinsunod sa aming bai-baitang na pamamaraan at roadmap para sa pagluwag ng mga paghihigpit na sanhi ng COVID-19 sa ating Estado. At lagi, gaya ng nakaraan, ang mga desisyon ng Pamahalaang Estado ay ibabatay sa pinakamabuting pangkalusugang payo.